September 18, 2023

Mahal naming mga magulang at mga tagapag-alaga,

*Sa pagpasok natin sa bagong taon ng pasukan, nais kong talakayin ang [Foundation Skills Assessment (FSA)](), isang taunang panlalawigang pamantayang pagsusulit na ibinibigay sa lahat ng mga estudyanteng nasa ika-4 at ika-7 baitang sa ating lalawigan.*

***Ang FSA testing ay gaganapin sa ating distrito sa pagitan ng October 2 at November 10, 2023. Ang pagsusulit na ito ay ibibigay sa eskwelahan ng iyong anak sa oras ng klase.***

*Ang FSA ay merong napakaimportanteng papel sa paghubog ng sistema ng edukasyon at nagbibigay larawan sa mga pangunahing kakayahan ng mga estudyante sa pagbasa, pagsulat, pagbilang, at pagkilala/paglalarawan sa sarili. Ang FSA testing ay nagbibigay din sa mga estudyante ng napakahalagang karanasan sa pagsusulit na mas mabuting makapaghahanda sa kanila para sa mas komplikadong mga pagtatasa na kinakailangang gawin ng mga estudyante pagdating sa ika-10 at ika-12 baitang para makapagtapos ng high school.*

*Ang resulta ng FSA ay hindi isinasama sa mga report card, ngunit ang resulta na nakuha ng iyong anak ay ibabahagi sa iyo ng kompidensyal sa antas ng indibidwal na mag-aaral. Ang mga resulta ay nagbibigay ng mahalagang mga datos sa panlalawigan at pandistritong antas para matukoy ang mga dapat bigyan ng karagdagang suporta, ganon din sa ano mang mga maaaring kailangang pagsasaayos sa panlalawigang kurikulum. Makakatulong ito sa amin upang tuloy-tuloy naming mapaghusay ang kalidad ng edukasyon na aming ibinibigay.*

*Pakitandaan/paalala na ang protocol na kasunduan sa pagitan ng BC Teachers' Federation at ang BC Public School Employers' Association ay pinapahintulutan ang unyon ng mga guro na magbigay ng tiyak na mga impormasyon sa mga magulang tungkol sa FSA. Ang mga materyal na ito ay kadalasang merong tear-off section kung saan ang mga magulang ay makakakapagsabi kung mas gugustuhin nilang huwag kumuha ng pagsusulit ang kanilang anak. Pakitandaan/paalala na ang form na ito ay hindi sapat na dahilan para hindi gawin ng isang bata ang FSA. Ang merong awtoridad na makapagbibigay ng exemption ay mga pinuno/principal ng eskwelahan, sya, na nakipagkunsulta sa mga magulang, ay maaaring pahintulutang hindi kukuha ng pagsusulit ang mga estudyanteng nakakatugon sa mga exemption ng Ministry. Kasali dito ang mga studyanteng dokumentadong may mga*

*pangangailangan sa pag-aaral sa kanilang Individual Education Plans (IEPs) na nakakahadlang sa kanila sa pagkuha ng pagsusulit , at mga English Language Learners (ELL students) na hindi sapat ang kahusayan sa wika para maintindihan ang mga tanong. Ang mga pinuno/principal ay maaari ring i-excuse ang isang estudyante sa mga pagkakataong merong family emergencies, matagal na pagkakasakit, o ano mang katulad na mga pangyayari.*

*Para sa mga karagdagang impormasyon sa FSA, pakibisita ang Ministry of Education and Child Care's website o kontakin ang inyong eskwelahan.*

*Salamat sa inyong patuloy na suporta.*

*(Tapat na gumagalang,)*

Mark Pearmain
Superintendent | CEO